OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Alituntunin ng 2027 CityArtist

## Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Gawad

Ang gawad ng CityArtist ay sumusuporta sa mga indibidwal na artista/tagapangasiwa na naninirahan sa Seattle sa pagsasaliksik, pagpapaunlad, at pagtatanghal ng malikhaing gawa. **Ang aplikasyon para sa 2027 ay bukas sa mga artista at tagapangasiwa na nagtatrabaho sa Sayaw, Musika, at Teatro (kabilang ang Pagsulat ng Dula).** Ang mga ginawarang artista ay kinakailangan na maghandog ng pampublikong pagtatanghal sa loob ng lungsod ng Seattle. Sinusuportahan namin ang malawak na saklaw ng masining at makulturang pagpapahayag na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng lungsod.

Bukas ang programang ito sa mga partikular na grupo ng disiplinadong magkapiling sa mga magkahaliling taon:

- Odd-Year (2027): Sayaw, Musika, at Teatro (kabilang ang Pagsulat ng Dula)
- Even-Year (2028): Pampanitikan, Media/Pelikula (kabilang ang Pagsulat ng Screenplay), at Visual Art

**Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging karapat-dapat, o online na teknikal na suporta** makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto, Irene Gómez, sa 206-684-7310 o ART_CityArtist@seattle.gov.

**Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video)**. Tumawag lamang sa tagapamahala ng proyekto at sabihin sa kanila kung anong wika ang inyong sinasalita. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap sila ng tagapagsalin na sasali sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-aplay sa online sa pamamagitan ng website sa gawad ng Lungsod ng Seattle.

Kung wala kayong kompyuter o akseso sa internet, tawagan ang kawani sa lalong madaling panahon.

## Takdang Petsa

**Martes, Hulyo 14, 2026, 5 PM Pacific**

Mangyaring magbigay ng sapat na oras upang makumpleto ang inyong aplikasyon. Ang mga aplikasyon na isinumite pagkatapos ng alas-5 ng hapon Pacific ng takdang huling araw ay hindi tatanggapin.

## Ang Pagiging Kwalipikado

Kayo ay karapat-dapat na mag-aplay para sa gawad na ito kapag natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Isa kayong indibidwal, generative artist/kurator na gumagawa/nagtatanghal ng sining.
- Kayo ay residente ng Seattle o may permanenteng istudyo/lugar na pinagtatrabahuan sa inyong pangalan sa loob ng Lungsod ng Seattle kung saan kayo tumatanggap ng koreo. *Hindi ito maaaring maging P. O. Box.* Ang post office box, pansamantalang espasyo para sa ensayo, o istudyo sa ilalim ng pangalang iba sa pinondohang artist/tagapangasiwa ay *hindi* tumutugon sa kinakailangan sa paninirahan. Kung hindi kayo sigurado tungkol sa inyong adres (hindi lahat ng zip code na “Seattle” ay nasa loob talaga ng hangganan ng lungsod), ilagay ang inyong zip code sa interactive na mapa ng lungsod na ito upang kumpirmahin. Makipag-ugnayan sa tagapamahala ng proyekto para sa paglilinaw.
- Kayo ay hindi bababa sa 18 taong gulang sa takdang petsa ng aplikasyon
- Kung kayo ang nangungunang artist/kurator ng isang sining o maka-kulturang grupo/organisasyon, dapat malinaw ninyong makita ang kakaibhan ng trabaho para sa gantimpala na ito mula sa patuloy/pana-panahong gawain ng inyong grupo/organisasyon.

*Hindi* kayo karapat-dapat para sa gawad na ito kung:

- Naninirahan kayo sa labas ng mga hangganan ng lungsod ng Seattle at walang permanenteng espasyo sa trabaho/istudyo sa Seattle.
- Kayo ay naka-enrol sa isang programang nagbibigay ng degree na may kaugnayan sa inyong sariling masining na trabaho o karera.
- Kayo ay kasalukuyang tumatanggap ng gawad mula sa alinman sa aming mga programa na may aktibong kontrata.

## Pagpopondo

Ang mga parangal ay nakatakda sa iisang halaga na **$8,000 para sa lahat ng mga makakatanggap.**

## Mga Workshop na Pang-impormasyon

Sumali sa isang birtwal na sesyon ng impormasyon upang matuto nang higit pa tungkol sa gawad na ito at kung paano isumite ang inyong pinakamahusay na aplikasyon. Lubos naming hinihikayat ang mga pinak-una pa lang na mga aplikante na dumalo. Ang mga one-on-one na sesyon ng pagsusuri ng draft ay magagamit sa pamamagitan ng telepono:

### Birtwal na Sesyon ng Impormasyon 1

Miyerkules, Hunyo 8, 4-6 PM Pacific
Magrehistro para sa sesyon ng Hunyo 8

## Birtwal na Sesyon ng Impormasyon 2

Lunes, Hunyo 15, 1-3 PM Pacific
Magrehistro para sa sesyon ng Hunyo 15

## Sesyon ng Pagsusuri ng Draft sa pamamagitan ng Telepono – Kailangan ng naitakdang oras ng pakikipag-usap

Lunes, Hunyo 22, 1-6 PM Pacific
Lunes, Hunyo 29, 1-6 PM Pacific
Lunes, Hulyo 6, 1-6 PM Pacific
Makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto, Irene Gómez, sa 206-684-7310 o ART_CityArtist@seattle.gov upang mag-iskedyul ng takdang oras upang makipag-kita.

## Mga Bukas na Oras sa Telepono – Hindi kailangan ng naitakdang oras

Martes, Hunyo 9, 16, 23, 30
3-4 PM Pacific

Makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto, Irene Gómez, sa 206-684-7310 o ART_CityArtist@seattle.gov.